# AMOY ROSAS ANG MGA TULA MO
## (PARA KAY KA AMADO)

JERIC JIMENEZ

Amoy bagong pitas na bulaklak
ang mga tula mo.
Nailalarawan ng mga ito
maging ang himig ng dalampasigan
at ang mayuming ugong ng mga alon.
Naipadarama mo kung ano ang danas
ng paglubog ng mga talampakan sa putikan.
Kung ano ang ligaya ng unang halik ng dayami
sa himpapawid
o kung ano ang tunay na silbi
ng lupa sa mga inaalipin.
Umaangat ang bango ng mga tula mo
habang tumitindi ang asam ng katarungan sa lansangan.
Ang mga bandila'y sumasayaw at ang mga tula mo'y humihiyaw.
Sumasabay ang mga tula mo sa singaw
ng nagkikiskisang braso sa lansangan.
Sumasabay ang halimuyak ng 'yong mga tula
sa katarungan ng mga Inang inalipin ng mga pabrika.
At ng mga Amang hinagupit ng mga makina.
Tunay kang guro sa tula, tumatalab sa dibdib
ang 'yong mga salita.
Tunay kang guro sa tula, tumitimo sa mga uri
ang 'yong mga kataga.
Amoy bulaklak ang mga tula mo
tulad ng mga rosas
tulad ng mga pabango.